# BIG DOME, MEGA VACCINATION SITE

Daily Tribune (Philippines) · 14 May 2021 · 2 · PAULA ANTOLIN

Sisimulan na sa Sabado, Mayo 15, ang mass immunization sa Smart Araneta Coliseum bilang isa sa mega vaccination sites ng Quezon City.

Ito ay matapos pumayag ang Araneta Group na gamitin ang tinaguriang Big Dome para mas maraming tagalungsod ang mabakunahan laban sa COVID-19, ayon kay Quezon City Mayor Joy Belmonte.

“We estimate that the Big Dome will be capable of delivering 1,000 to 1,500 COVID shots per day,” sabi ni Belmonte.

Ayon kay Business Permits and Licensing Department (BPLD) Head Margie Santos, magde-deploy ng sariling medical personnel ang Araneta Group para bakunahan ang mga senior citizens at mga may comorbidities.